



IMPORMASYON PARA SA MGA MAGULANG AT ESTUDYANTE

Lalahok ang aming paaralan sa Survey ng Malusog na Kabataan itong darating na Taglagas.

Nagtatanong ang survey ng mga katanungan tungkol sa mga panganib ng pinsala, kinalabasan ng kalusugan, at paggamit ng alkohol at droga. Gagamitin ng mga paaralan, at mga ahensiya ng estado at lokal ang mga resulta ng survey upang suportahan ang ating mga kabataan at bawasan ang kanilang mga panganib. Boluntaryo at hindi nakikilala at nagbibigay ng mahalagang impormasyon upang gabayan ang patakaran at mga programa na maglilingkod sa ating kabataan ang Survey ng Malusog na Kabataan.

*Mangyaring ibahagi ang impormasyong ito sa iyong estudyante.
Pagkatapos ay pag-usapan ang survey at magpasiya kung lalahok ang iyong estudyante.*

Q: Sino ang hihilingin na kumuha ng survey?

A: Mga mag-aaral sa Baitang 6, 8, 10, at 12 Estado ng Washington at mga mag-aaral sa Baitang 7, 9 at 11 sa maliliit na mga distrito ng paaralan.

Q: Boluntaryo ba ang survey?

A: Oo! Maaaring laktawan ng mga estudyante na nagsasagawa ng survey ang mga tanong at itigil ang pagkuha ng survey anumang oras. Kung ayaw mong sumali sa survey ang iyong estudyante, maaari mong tawagan ang paaralan upang i-excuse ang iyong estudyante. Maaari ring sabihin ng mga estudyante sa kanilang guro na ayaw nilang kunin ang survey. Makikilahok sa iba't ibang aktibidad, tulad ng pag-aaral o pagbabasa sa library ang mga estudyante na hindi kumukuha ng survey. Walang parusa para sa hindi pagsali sa survey. Hindi maaapektuhan ang grado ng iyong estudyante.

Q: Ano ang mga tanong sa survey?

A: Magmumula ang mga tanong sa survey sa mga survey sa buong bansa at sa Washington. Maaaring makipag-ugnayan ang mga magulang o tagabantay sa tanggapan ng kanilang paaralan upang makita ang kopya ng survey.

Kasama sa mga paksa ng tanong:

- Impormasyon, tulad ng edad, kasarian, at lahi at etniko
- Mga damdamin tungkol sa paaralan at komunidad
- Mga kaugnayan sa mga magulang, kaibigan, at kapitbahay
- Mga gawi sa pagkain, pisikal na aktibidad
- Edukasyong pangkalusugan
- Mga saloobin tungkol sa at paggamit ng tabako, alkohol at iba pang mga gamot
- Mga pag-uugali at damdamin na may kaugnayan sa kaligtasan
- Mga pag-uugali na may kaugnayan sa karahasan
- Pagkakakilanlan ng kasarian at oryentasyong seksuwal (hindi para sa mga nasa Baitang 6 o 7)
- Seksuwal na pag-uugali at abuso (hindi para sa mga nasa Baitang 6 o 7)

Kinukuha ng mga estudyante ang Survey ng Malusog na Kabataan mula pa noong 1988. Ang bilang ng mga mag-aaral ay lumaki mula lamang sa ilang libong mga mag-aaral hanggang sa 230,000 kada taon.

Salamat sa pagrepaso sa impormasyong ito at pakikipag-usap sa iyong estudyante!

Inisponsor ng mga sumusunod na ahensiya ng estado ang Survey ng Malusog na Kabataan: Health Care Authority - Division of Behavioral Health and Recovery, Department of Health, Office of the Superintendent of Public Instruction, and Liquor and Cannabis Board.

Q: Paano pinoprotektahan ang pagkakakilanlan ng mag-aaral?

A: Hindi ilalagay ng mga mag-aaral ang kanilang mga pangalan sa survey. Walang mga code o impormasyon upang tumugma sa survey sa mag-aaral. Wala mula sa paaralan ang titingin sa kanilang mga sagot. Isusumite ng mga mag-aaral ang kanilang nakumpletong kumpidensyal na mga survey kapag natapos na sila. Hindi kikilalanin ng mga resulta ng survey ang sinumang estudyante.

Q: Paano ginagamit ang mga resulta ng survey?

A: Mga paaralan, mga distrito ng paaralan, probinsya at estado ginagamit ng mga ahensiya ang resulta upang maunawaaan ang aming mga mag-aaral at mabigyan sila ng mga serbisyo na kailangan nila. Ginagamit ang mga resulta para sa pagpapalano, pagtatasa, at pagpapabuti ng mga programa, at makakuha ng pera upang masuportahan sila. Ibinabahagi rin ang hindi nagpapakilalang data sa mga lokal na kagawaran ng halusugan at na-aprubahang mga tagasaliksik.

Kailangan ng Higit pang Impormasyon?

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa layunin ng survey o pamamaraan ng survey:

- Tumawag sa toll-free 1-877-HYS-7111
- Email healthy.youth@doh.wa.gov

Ang impormasyon tungkol sa Survey ng Malusog na Kabataan ay matatagpuan sa: www.AskHYS.net

Inaprubahan ng Institusyunal na Lupon ng Pagsisiyasat ng Estado ng Washington (Washington State Institutional Review Board) ang mga pamamaraan para sa Survey ng Malusog na Kabataan na inilarawan sa liham na ito. Kung naniniwala kang hindi sinusunod ang mga pamamaraang ito, mangyaring tawagan ang 1-800-583-8488. Hindi mo kailangang ibigay ang iyong pangalan. Ibabalik ang lahat ng mga mensahe.